

Pakikipag-unahan Laban sa Oras-Pamamahala ng Oral Trauma

Humingi ng Emergency sa paggamot nang walang pagkaantala

Ang lumalaking bata ay aktibo at lantad nang magkaroon ng mga aksidente sa trauma. Sa isang traumatikong aksidente, maaari ring mapinsala ang mga ngipin at tisyu ng bibig. Ang mga tsansang maghilom ang napinsalang istruktura sa bibig at para maligtas ang nasirang ngipin ay madalas na nakasalalay kung ang paggamot ay ginawa nang maayos at agad-agad.

Kasunod ng mga traumatikong pinsala sa mga ngipin at tisyu ng bibig, kritikal na magbigay ng maayos na paggamot hangga't maaari. Pagkatapos ng paggamot, ang mga napinsalang tisyu sa bibig o ngipin ay dapat regular na suriin.

Maaaring humingi ng pangangalaga sa kalapit na School Dental Clinic (Dental na Klinika ng Paaralan) ang mga mag-aaral ng primary school (paaralan para sa primary) na karapat-dapat lumahok sa School Dental Care Service (Serbiyo ng Paaralan sa Dental na Pangangalaga). Magbibigay ng emergency na paggamot ang dumadalang Dental officer (Dental na opisyal) at Dental therapist (Dental na therapist) sa napinsalang pasyente. Kung kailangan ang serbisyong pang-emergency sa labas ng oras ng trabaho, mangyaring dumalo sa Accident & Emergency Department (Kagawaran para sa Aksidente at Emergency) ng pinakamalapit na ospital o ng mga pribadong dental clinic (dental na klinika).

Kapag natanggal ang buong ngipin...

Kung natanggal na ang nalalagas na ngipin, dapat ka nang magpatingin sa dentista sa lalong madaling panahon. Kung natanggal ang buong permanenteng ngipin matapos ang traumatikong pinsala, dapat kang manatiling kalmado at gawin ang mga sumusunod na pagkilos bago magkaroon ng agarang konsultasyon sa dentista:

1. Kunin ang natanggal na ngipin, hawakan ang korona at iwasang hawakan ang ugat;



2. Banlawan nang mabilis ang dumi sa ibabaw ng permanenteng ngipin gamit ang kalahating basong gripong tubig o gatas. Huwag kuskusin ang ugat upang maiwasang mapinsala ang malalambot na tisyu sa paligid ng ugat;



3. Gamitin ang katabing ngipin bilang sanggunian, muling ipatong ang permanenteng ngipin pabalik sa socket at dahan-dahang kagatin gamit ang iyong mga ngipin upang pumwesto ang ngipin. Humingi kaagad ng paggamot mula sa dentista. Habang mas maagang naibalik ang permanenteng ngipin, mas malaki ang tsansang maibalik ito sa dati.



4. Kung may kahirapan sa pagpasok ng permanenteng ngipin sa socket, ibabad ito sa isang lalagyang puno ng ordinaryong gatas o laway ng nasugatang tao at humingi agad ng emergency na paggamot sa ngipin. Kung hindi namin mabawasan ang oras ng panunuyo sa labas ng bibig at humingi agad ng paggamot sa dentista, lubos nitong mapapabuti ang kalalabasan ng paggamot.



Matapos ma-trauma ang ngipin, maaaring mangyari ang mga sumusunod na kahihinatnan:


- Nawala sa lugar, umikot, pumasok sa loob o lumabas ang ngipin



- Nagbitak o nabali ang korona



- Nagbitak o nabali ang ugat



Pamamahala ng mga traumatikong pinsala sa mga istruktura sa bibig

Matapos ang traumatikong pinsala, maaaring mapinsala at magkaroon ng pagdurugo ang mga tisyu sa bibig tulad ng labi, gilagid, oral mucosa, socket ng ngipin at kahit na ang mas mataas at mas mababang panga.

Maglagay ng malinis na gasa o panyo sa ibabaw ng nagdurugong lugar. Hilingin sa taong nasugatan na kumagat dito nang hindi bababa sa 15 minuto upang tumigil ang pagdurugo. Pagkatapos ay dapat siyang pumunta kaagad at magpatingin sa dentista.



Pamamahala ng mga traumatikong pinsala sa ngipin

Bagaman maaaring walang kahit anong kapansin-pansing pinsala sa ngipin pagkatapos ng traumatikong pinsala sa ngipin, maaaring magkaroon ng mga bitak o bali sa ugat, at pulp necrosis (kamatayan). Humingi agad ng emergency sa paggamot sa dental clinic (dental na klinika) matapos ang pinsala at regular na mag-follow-up ng mga pagsusuri tulad ng ipinayo ng dentista. Pangkaraniwan ang mga bali sa korona matapos ang traumatikong pinsala sa ngipin. Maaaring magbigay ang dentista ng sumusunod na paggamot ayon sa likas na katangian ng pinsala, tulad ng:

1. pagpapantay sa matatalim na gilid ng nabaling ngipin at aplikasyon ng fluoride sa ibabaw.
2. pag-fill / pag-splint ng naapektuhang ngipin
3. paggamot sa pulp
4. pagbunot sa ngipin (pag-alis ng ngipin)

Kung nabali ang korona, dapat mong subukan at kunin ang nabaling piraso. Pulutin ito at makipagkita agad sa dentista.

